Kabanata 9: Legal na Tulong

Mga serbisyo sa legal na tulong

Makukuha ang legal na tulong mula sa Pamahalaan sa pamamagitan ng Legal Aid Department (ang Kagawaran) kapag kailangan mong maghain ng legal na hakbang, ipagtanggol ang iyong sarili o ipagpatuloy ang isang legal na paglilitis sa District Court, High Court o sa Court of Final Appeal. May makukuha ring legal na tulong para sa mga demanda kaugnay ng pag-alam kung mayroon nang sapat na ebidensiya upang magkaroon ng paglilitis sa mga Hukuman ng Mahistrado, mga aplikasyon sa Mental Health Review Tribunal, at mga partikular na pagsisiyasat ukol sa pagkamatay.

Pag-a-apply para sa legal na tulong

Maaari kang mag-apply para sa legal na tulong sa sumusunod na mga tanggapan ng Kagawaran:

Mga Aplikasyon para sa Civil Legal Aid	
Headquarters 25/F, Queensway Government Offices 66 Queensway, Hong Kong	Kowloon Branch Office G/F, Mong Kok Government Offices 30 Luen Wan Street, Mong Kok, Kowloon
Mga Aplikasyon para sa Criminal Legal Aid	
Crime Section 25/F, Queensway Government Offices, 66 Queensway, Hong Kong	
Mga Oras Na May Trabaho	
Lunes hanggang Huwebes	8:45 am – 1:00 pm 2:00 pm – 5:45 pm
Biyernes	8:30 am – 1:00 pm 2:00 pm – 6:00 pm

24 na oras na Hotline para sa Pagtatanong: **2537-7677**

Ang mga aplikante para sa pang-sibil na legal na tulong na 18 taon pataas at ang mga aplikante para sa pang-kriminal na legal na tulong ay makakapagsumite online ng kanilang impormasyon bago ang aplikasyon bilang isang paunang hakbang patungo sa paggawa ng isang aplikasyon para sa legal na tulong sa pamamagitan ng Legal Aid Electronic Services Portal (LAESP) ng website ng Departamento sa www.lad.gov.hk kung ang iyong kaso ay hindi nagmamadali.

Kapag nag-apply ka, kailangan mong magbigay ng pinansiyal na detalye upang makapagpasiya ang Kagawaran kung ikaw ba ay kwalipikado para sa legal na tulong batay sa pinansiyal na katayuan. Kung makakapasa kayo sa parehong "means test" at "merits test" (iyon ay, makakapagpakita kayo sa kalugudan ng Departamento na mayroon kayong makatuwirang kadahilanan para sa pagkuha ng, pagdepensa sa, pagtutol sa o pagpapatuloy ng demanda sa hukuman). Bibigyan kayo ng legal na tulong.

Upang malaman kung kwalipikado ka para sa legal na tulong, bumisita sa Kagawaran o sa website ng Kagawaran. Maaari mo ring gamitin ang calculator para sa means test na maaari mong ma-access sa website ng Kagawaran o sa pamamagitan ng iyong mobile phone upang mabigyan ka ng ideya kung ikaw ba ay kwalipikado para sa legal na tulong batay sa pinansiyal na katayuan.

Serbisyo para sa legal na payo

Ang mga miyembro ng publiko na nangangailangan ng payo ay makakakuha ng tulong mula sa Free Legal Advice Scheme (FLAS) ng Duty Lawyer Service.

Ang FLAS ay nag-aalok ng legal na payo sa mga miyembro ng publiko nang walang bayad. Ang legal na payo ay ibinibigay ng kwalipikadong mananganggol sa mga Sentro para sa Legal na Payo sa mga sumusunod na siyam na District Office:

Mga Sentro para sa Legal na Payo	Telepono	Mga Oras ng Pagbibigay Serbisyo
Central and Western District Office	2852-4378	Tuwing Lunes 6:25 pm - 7:45 pm
Sha Tin District Office	2158-5352	
Wan Chai District Office	2835-1997	Tuwing Martes 6:25 pm - 7:45 pm
Tsuen Wan District Office	3515-5805	

Central and Western District Office	2852-4378	Tuwing Miyerkules 6:25 pm - 7:45 pm
Wan Chai District Office	2835-1997	
Kwun Tong District Office	2342-3431 2357-0685	
Yau Tsim Mong District Office	2399-2111 2399-2594	
Eastern District Office (Chai Wan Office)	2896-6968	Tuwing Huwebes 6:25 pm - 7:45 pm
Wan Chai District Office	2835-1997	
Wong Tai Sin District Office	3143-1167	
Island District Office	2852-4324 2852-4338	

Ang publiko ay maaaring lumapit sa anumang District Office sa mga oras ng opisina upang makakuha ng appointment para sa serbisyo ng legal na payo. Maaari rin nilang kontakin ang Law Society of Hong Kong sa pamamagitan ng telepono (Tel: 2846-0500) o bisitahin ang alinmang kalapit na Tanggapan ng Distrito para sa karagdagang impormasyon. Kung kailangan ang interpretasyon para sa mga wikang bukod pa sa English at Cantonese, ang Home Affairs Department ay tutulong sa pagsasaayos ng mga serbisyong interpretasyon.

Serbisyong para sa payo ukol sa pamamaraang sibil

Ang Legal Advice Scheme for Unrepresented Litigants on Civil Procedures (Procedural Advice Scheme) ay nagbibigay ng ibreng legal na payo ukol sa mga bagay-bagay kaugnay ng mga pamamaraang sibil para sa iba't ibang bahagi ng mga legal na sibil na demanda para sa mga hindi ipinagkaloob na mga litigante na:

(a) gustong magsimula, nakapagpasimula na o kapanig na ng mga legal na sibil na demanda sa Lands Tribunal, District Court, Family Court, Court of First Instance o sa Court of Appeal of the High Court, o sa Court of Final Appeal;
(b) hindi pa nabigyan ng legal na tulong at hindi pa kumukuha ng mga abogado; at
(c) nakatugon sa hangganan ng kita upang maging karapat-dapat ayon sa Scheme.

Ang mga aplikante ay kailangang magsumite ng kanilang mga aplikasyon nang personal sa Procedural Advice Scheme Office at magbigay ng lahat ng mga mahahalagang dokumentong pang-hukuman, kung mayroon man. Ang mga karagdagang detalye tungkol sa Scheme ay makikita sa website ng Scheme sa (www.hab.gov.hk/PASO) at sa Procedural Advice Scheme Office.

Procedural Advice Scheme Office
Room LG217, LG2/F, High Court Building, 38 Queensway, Hong Kong
Mga Oras Na May Trabaho: Lunes hanggang Biyernes (maliban sa mga pampublikong holiday) 8:45 am to 1:00 pm 2:00 pm to 6:00 pm (Ang oras ng paghinto sa pagtanggap ng mga aplikasyon para sa bawat kalahating araw ay sa 12:30 nang hapon at sa 5:30 nang hapon)
Telepono: **2259-5017**